A *STARSTUDIO* EXCLUSIVE



COVER STORY

# Me in the Raw

In the comedy bar arena, Vice Ganda has been reigning as the "Queen of Punchline and Laffline". But when he broke into mainstream showbiz, he became a household name with blockbuster movies, record-breaking albums and concerts to his credit.

Yet underneath all the layers of color and glitz that shroud his gigantic persona, one thing has never changed. He is still Jose Marie Borja Viceral—just a regular Joe like you and me. And for *StarStudio*: he's willing to strip his soul bare

*By Michelle Angela Orosa Carag*
*Photographs by Rxandy Capinpin*
*Special thanks to Peter Dizon and Reily Santiago*
*Makeup by Archie Valencia*
*Hair by Buern Rodriguez*
*Styling by Aaron Mangsat*
*Assisted by Mona Santuele*

Looking at Vice Ganda, one would think that "flamboyant" can easily pass for his middle name. But then again, the word isn't enough to paint an accurate picture of what he is really all about. Even if he always sports impeccable makeup, the perfect hair and the most outrageous of clothes, all of that is still overshadowed by his larger-than-life personality—and his authentic core.

Since his meteoric rise to fame, Jose Marie Borja Viceral has become a force to be reckoned with—a comedic icon beyond compare, a voice for this generation—in ways even he sometimes finds pleasantly accidental.

But behind closed doors, he remains as ordinary as the next person who is not free of imperfections.

And for the first time ever, it was this side of him that the world got to see on the *It's Showtime* episode of May 28. During his *'adVice Ganda'* segment, where he takes on the persona of Madam Bertud, who gives hilarious (yet sound and practical) words of wisdom to ordinary people, a young woman named Pamela Reyes sought his advice on how to endure public judgment.

Weeping, she recounted how people around her liked to insult her looks, especially because she has dark skin.

To everyone's surprise, the host went over and beyond his show obligations and, in an unexpected move, took a stand against bullying. Teaching Pamela how to take pride in herself, Vice proceeded to indignantly begin wiping away his makeup, removing his false eyelashes and contact lenses, and detaching his hair extensions (one thing he would never do on national TV) to reveal the 'real' Vice Ganda in all his imperfect glory—with his confidence remaining unscathed.

Showcasing his bare face, he addressed the viewers by saying: "*Ito ang mukha ko. Ito si* Vice Ganda. *Hindi makinis ang mukha ko sa paningin ng iba. Mataas ang* hairline *ko. Ngayon,* picture-*an niyo akong lahat. Ikalat n'yo sa* Internet. *Pagtawanan n'yo ako, laitin n'yo ako, sabihin n'yo lahat ng gusto ninyong sabihin. Wala akong pakialam.*"

Vice, of course, has one of the strongest and most active social media fanbases: He has more than two million followers on Instagram, more than five million on Twitter, and nearly 12





"Ito ang mukha ko. Ito si Vice Ganda. Hindi makinis ang mukha ko sa paningin ng iba. Mataas ang hairline ko. Ngayon, picture-an n'yo akong lahat. Ikalat n'yo sa Internet. Pagtawanan n'yo ako, laitin n'yo ako, sabihin n'yo lahat ng gusto ninyong sabihin. Wala akong pakialam."

*- His bold declaration on the May 28, 2015 episode of It's Showtime*





o undated photos of a younger Vice Ganda, efore his meteoric rise to fame. Vice remembers w scared and nervous he was about pretending be someone he was not. "*Noon, namumutawi akin ang takot,*" he recalls. "*Kaya gumawa ako ng ga paraan. Akala ko,* it can be cured, *kaya nag-* rlfriend *ako.*" But years later, he realized that it nnot be cured "because it (his being gay) is not disease".

million followers on Facebook. All of his followers immediately picked up his startling statement—retweeting his declaration and making it national news.

As the live audience cheered, he continued: "*Kahit magaspang ang mukha ko, mataas ang* hairline *ko, maganda ako. Wala na akong itinatago, hindi na ako natatakot. At kahit ano'ng sabihin n'yo sa akin, hindi na ako mabibigla. Sabihin ninyong pangit ang buhok ko, alam ko. Pangit ang kutis ko, alam ko. Pero 'yang lahat ay sa paningin n'yo. Para sa akin, maganda ako. Maganda ako...*" and, turning to Pamela, he ended his spiel by saying, "*...at maganda ka.*"

Following this bold gesture, Vice posted a photo of himself without makeup, and used the hashtag #ProudToBeMe, which trended on Twitter.

Addressing his social media followers, he added, "*Hinahamon ko kayong lahat na i-*post *n'yo sa* Instagram *ang pinakapangit ninyong itsura sa paningin ng iba. Kasi lahat ng tao nagpo-post ng magagandang* picture. *Bakit hindi tayo mag-*post *ng kung ano tayo*?"

This proved to be a powerful defining moment not just for the show's viewers, but also for Pamela, and all the people she represents—those who spend every waking moment of their lives having to endure being the target of criticism and insults.

From that moment on, the "Proud To Be Me" campaign, with no less than Vice Ganda himself as spokesperson, has taken off like a rocket.

Now, the unrepresented and the maligned suddenly have a voice—and the time has come for it to be heard.

The *StarStudio* editorial team asked Vice for permission to pay him a visit in his home, in his regular clothes, and yes, make-up-, hairpiece- and #OOTD (Outfit of the Day)-free.

It comes as no surprise that he openly agreed to the interview.

The images of Vice that you will now see in this story have not been retouched in any way. Except for a few photos of him as we know him—as power performer and fashionable icon—the rest are of Jose Marie, in the privacy of his house, by himself or with his closest friends, without anything else on him but *pambahay*—and that same conviction we saw on that first #proudtobeme day.

What you are now about to read is our Q&A with him: unedited, raw, just the way we would want his message delivered. For this rare chance to speak with an icon—and a pained, struggling, true human being like you and me—we are thankful.

## Search for identity

***At which point in your life did you start realizing that you were gay?***

Bata pa lang ako, alam ko nang bakla ako. Nagkaka-*crush* na ako sa lalaki—*bet* ko 'yung mga barkada ko nu'n, eh! Tapos 'yung mga binatang nagba-*basketball* sa *basketball court* doon sa barangay namin, nabe-*bet* ko rin sila, kaya alam kong bakla ako talaga. At saka alam ko na nu'n kung ano 'yung bakla, kasi lumaki akong nakikita ko 'yung mga kapatid kong dalawa na parehong bading.

***As your father had that classic "siga" reputation, how did he feel about having openly gay sons?***

Pinapagalitan talaga sila. Lagi ngang nabubugbog 'yung mga kapatid ko. Sobrang higpit ng tatay ko sa kanila. Kung mahigpit 'yung tatay ko sa aming magkakapatid, mas tutok sa kanila 'yung tatay ko. Parang lagi silang may atraso kaya natakot ako. Sabi ko, 'naku, 'di ako pwedeng mag-*out* kasi ma-gaganu'n din ako. Eh *favorite* ako ng tatay ko, baka mawala sa akin 'yung atensyon niyang 'yun kapag nalaman niyang bakla rin ako.

***Growing up, how was your relationship with your siblings?***

*Close* ako du'n sa dalawang babae, tapos 'yung panganay namang lalaki, *close* din ako sa kanya kasi siya 'yung naghahatid sa akin sa eskwelahan. 'Yung sumunod naman sa kanya, 'yung pangalawang bading—si Babot—hindi talaga kami close nu'ng bata kami. Imbyerna kasi siya sa akin. Alam kasi niyang bakla ako, at nagpapa-'mhin' (or nagpapaka-lalaki) lang ako, kaya nagagalit siya sa akin. Ang naiisip siguro niya nu'n, palaging pabor sa akin 'yung tatay namin, eh hindi naman talaga ako totoong lalaki. Kaya 'di niya talaga ako noon kinikibo, until nu'ng nagkatrabaho na ako. Lalo na nu'ng 'di ako nakatapos ng pag-aaral, galit na galit siya sa akin.

Dati sinasabi niya sa akin, 'Lahat

kami nakapagtapos tapos ikaw, ikaw na 'tong *favorite*, ikaw pa 'tong di nakapagtapos. Puro ka kaharutan.' Tapos dati may *side table* doon sa sala namin at lahat ng *pictures* ng magkakapatid na naka-*toga*, nandu'n. *So* naglagay rin ako ng *picture* ko doon, pero 'yung normal lang na hindi ako naka-*toga*. Nagpa-*studio* lang ako nu'n. Nu'ng nakita ni Babot 'yung *picture* ko, tinanggal niya. Sabi niya, 'Hindi ka puwedeng maglagay ng *picture* dito, kasi hindi ka naman nakatapos ng pag-aaral. Kailangan may mapatunayan ka muna, bago ka makapaglagay ng picture mo diyan.' Kaya for the *longest time*, wala akong *picture* doon.

***When your father passed away, nagpunta ang mother mo sa U.S. para magtrabaho para sa pamilya. How did you cope with her absence?***

Ang naging kasama lang namin nu'n, 'yung lolo ko. Siyempre 'yung lolo ko naman, hirap na hirap na ayusin kaming magkakapatid, kasi para kaming mga nakawala sa koral. 'Yung mga panahong 'yun, *teenagers* na rin 'yung mga kapatid ko. Ini-*enjoy* nila 'yung *youth* nila. Tapos ako naman, papalaki na, so parang nawalan talaga ako ng gabay.

'Yung lolo ko, tarantang-taranta, kasi magkakaiba rin kami ng mga ugali. Magkakaiba kami ng eksena. Nababaliw talaga 'yung lolo ko that time kung paano kami itataguyod. Kaya naman humanap ako ng pamilya sa mga barkada ko. Doon ako umuuwi sa bahay nila. Minsan, dalawang linggo akong hindi umuuwi sa amin, kaya 'yung lolo ko, nagagalit. Lumayo 'yung loob niya sa akin.

***With your eldest brother and your mother away in the U.S., nagkaroon ba ng time that you truly felt alone?***

Nu'ng bata pa ako, hindi ko pa masaydong nararamdaman 'yun. Kasi 'di ba kapag bata ka, parang mababaw lang sa'yo ang lahat? Nu'ng umalis 'yung kuya ko, kasi nauna siyang umalis kesa sa nanay ko, ang alam ko lang noon ay magbabago na 'yung susundo't maghahatid sa'kin sa eskuwelahan. Pero hindi talaga masyadong naging *big deal* sa akin 'yung pag-alis niya.

Ang *big deal* sa akin, 'yung pag-alis ng nanay ko. Kasi pakiramdam ko noon, unti-unti na akong nawawalan—nawalan na ako ng tatay, nawalan pa ako ng nanay. Ano na ang matitira sa

# A Simple Kind of Life



Vice's old house in Sta. Cruz, Manila which is now being occupied by the Jesus is Lord (JIL) church chapter there. The caretaker of the house is Vice's brother Babot Viceral, who took *StarStudio* on a tour of the premises one rainy afternoon. The photos on this page are of the bedroom that Vice himself used to occupy.

Before stepping into the world of glitz and glamor, Vice was first and foremost simply known as Tutoy, a little boy growing up on the outskirts of Sta. Cruz, Manila.

He and his family lived in a humble two-storey house, which was every bit the picture of a classic Pinoy home.

Made entirely of wood complete with capiz windows and a *sari-sari* store, the second floor had four small bedrooms—one for his sisters, one for his brothers, one for his parents and the last one for Vice. "*Mag-isa ako sa kuwarto kasi tuwing magkaaway yung nanay at tatay ko, palaging may isa sa kanila na matutulog du'n sa tabi ko,*" he explains.

Vice recounts that their house was stocked with many different things, mainly because his grandmother who lived in the US would send them balikbayan boxes filled with a wide assortment of goods.

"*'Yung lola ko nagpapadala lagi,*" he says. "*Di'ba 'pag nasa Amerika, lahat ibibigay—tuwalya,* bedsheet, *kahit wala naman kaming kama. Marami rin kaming de lata. Nagho-*hoarding *'yung nanay ko, tapos naka-*display *'yung mga de lata, at bubuksan lang kapag talagang gutom na gutom na, at 'pag wala na talaga kaming ulam. Nakapatong sa ref 'yun, tapos naka-*pyramid, *talagang bilang na bilang, 'yung tipong malalaman mo kapag nabawasan kasi 'di na* perfect *'yung* triangle."



Vice still keeps some of the old furniture and decorative items from the old house, including this mirror.

On the other hand, Vice interjects that the very fridge holding all the canned goods has seen better days. Bought secondhand by his father, the refrigerator door has come off its hinges, making it really tricky to open.

"*Hindi mo siya puwedeng mabilis buksan. Nilagyan namin 'yun ng* interior *ng gulong na nakabuhol para sumikip siya. Tapos naaalala ko rin, kapag nakakakita ako ng lalagyan ng* ice cream *sa ref,* excited *ako. Pero pagbukas, isda pala 'yung laman.*"

They also had a display cabinet that showcased giveaways that his mother would take home from wedding receptions. Vice also shares that among the collection of mementos housed in the cabinet was a glass jar containing the floral decor that adorned wedding cakes, and of course, every parent's pride and joy—their children's awards.

kami nakapagtapos tapos ikaw, ikaw na 'tong *favorite*, ikaw pa 'tong di nakapagtapos. Puro ka kaharutan.' Tapos dati may *side table* doon sa sala namin at lahat ng *pictures* ng magkakapatid na naka-*toga*, nandu'n. *So* naglagay rin ako ng *picture* ko doon, pero 'yung normal lang na hindi ako naka-*toga*. Nagpa-*studio* lang ako nu'n. Nu'ng nakita ni Babot 'yung *picture* ko, tinanggal niya. Sabi niya, 'Hindi ka puwedeng maglagay ng *picture* dito, kasi hindi ka naman nakatapos ng pag-aaral. Kailangan may mapatunayan ka muna, bago ka makapaglagay ng picture mo diyan.' Kaya for the *longest time*, wala akong *picture* doon.

***When your father passed away, nagpunta ang mother mo sa U.S. para magtrabaho para sa pamilya. How did you cope with her absence?***

Ang naging kasama lang namin nu'n, 'yung lolo ko. Siyempre 'yung lolo ko naman, hirap na hirap na ayusin kaming magkakapatid, kasi para kaming mga nakawala sa koral. 'Yung mga panahong 'yun, *teenagers* na rin 'yung mga kapatid ko. Ini-*enjoy* nila 'yung *youth* nila. Tapos ako naman, papalaki na, so parang nawalan talaga ako ng gabay.

'Yung lolo ko, tarantang-taranta, kasi magkakaiba rin kami ng mga ugali. Magkakaiba kami ng eksena. Nababaliw talaga 'yung lolo ko that time kung paano kami itataguyod. Kaya naman humanap ako ng pamilya sa mga barkada ko. Doon ako umuuwi sa bahay nila. Minsan, dalawang linggo akong hindi umuuwi sa amin, kaya 'yung lolo ko, nagagalit. Lumayo 'yung loob niya sa akin.

***With your eldest brother and your mother away in the U.S., nagkaroon ba ng time that you truly felt alone?***

Nu'ng bata pa ako, hindi ko pa masaydong nararamdaman 'yun. Kasi 'di ba kapag bata ka, parang mababaw lang sa'yo ang lahat? Nu'ng umalis 'yung kuya ko, kasi nauna siyang umalis kesa sa nanay ko, ang alam ko lang noon ay magbabago na 'yung susundo't maghahatid sa'kin sa eskuwelahan. Pero hindi talaga masyadong naging *big deal* sa akin 'yung pag-alis niya.

Ang *big deal* sa akin, 'yung pag-alis ng nanay ko. Kasi pakiramdam ko noon, unti-unti na akong nawawalan—nawalan na ako ng tatay, nawalan pa ako ng nanay. Ano na ang matitira sa

# A Simple Kind of Life



Vice's old house in Sta. Cruz, Manila which is now being occupied by the Jesus is Lord (JIL) church chapter there. The caretaker of the house is Vice's brother Babot Viceral, who took *StarStudio* on a tour of the premises one rainy afternoon. The photos on this page are of the bedroom that Vice himself used to occupy.

Before stepping into the world of glitz and glamor, Vice was first and foremost simply known as Tutoy, a little boy growing up on the outskirts of Sta. Cruz, Manila.

He and his family lived in a humble two-storey house, which was every bit the picture of a classic Pinoy home.

Made entirely of wood complete with capiz windows and a *sari-sari* store, the second floor had four small bedrooms—one for his sisters, one for his brothers, one for his parents and the last one for Vice. "*Mag-isa ako sa kuwarto kasi tuwing magkaaway yung nanay at tatay ko, palaging may isa sa kanila na matutulog du'n sa tabi ko*," he explains.

Vice recounts that their house was stocked with many different things, mainly because his grandmother who lived in the US would send them balikbayan boxes filled with a wide assortment of goods.

"'*Yung lola ko nagpapadala lagi*," he says. "*Di'ba 'pag nasa Amerika, lahat ibibigay—tuwalya*, bedsheet, *kahit wala naman kaming kama. Marami rin kaming de lata. Nagho*-hoarding *'yung nanay ko, tapos naka*-display *'yung mga de lata, at bubuksan lang kapag talagang gutom na gutom na, at 'pag wala na talaga kaming ulam. Nakapatong sa ref 'yun, tapos naka*-pyramid, *talagang bilang na bilang, 'yung tipong malalaman mo kapag nabawasan kasi 'di na* perfect *'yung* triangle."



Vice still keeps some of the old furniture and decorative items from the old house, including this mirror.

On the other hand, Vice interjects that the very fridge holding all the canned goods has seen better days. Bought secondhand by his father, the refrigerator door has come off its hinges, making it really tricky to open.

"*Hindi mo siya puwedeng mabilis buksan. Nilagyan namin 'yun ng* interior *ng gulong na nakabuhol para sumikip siya. Tapos naaalala ko rin, kapag nakakakita ako ng lalagyan ng* ice cream *sa ref, excited ako. Pero pagbukas, isda pala 'yung laman.*"

They also had a display cabinet that showcased giveaways that his mother would take home from wedding receptions. Vice also shares that among the collection of mementos housed in the cabinet was a glass jar containing the floral decor that adorned wedding cakes, and of course, every parent's pride and joy—their children's awards.

kami nakapagtapos tapos ikaw, ikaw na 'tong *favorite*, ikaw pa 'tong di nakapagtapos. Puro ka kaharutan.' Tapos dati may *side table* doon sa sala namin at lahat ng *pictures* ng magkakapatid na naka-*toga*, nandu'n. So naglagay rin ako ng *picture* ko doon, pero 'yung normal lang na hindi ako naka-*toga*. Nagpa-*studio* lang ako nu'n. Nu'ng nakita ni Babot 'yung *picture* ko, tinanggal niya. Sabi niya, 'Hindi ka puwedeng maglagay ng *picture* dito, kasi hindi ka naman nakatapos ng pag-aaral. Kailangan may mapatunayan ka muna, bago ka makapaglagay ng picture mo diyan.' Kaya for the *longest time*, wala akong *picture* doon.

***When your father passed away, nagpunta ang mother mo sa U.S. para magtrabaho para sa pamilya. How did you cope with her absence?***

Ang naging kasama lang namin nu'n, 'yung lolo ko. Siyempre 'yung lolo ko naman, hirap na hirap na ayusin kaming magkakapatid, kasi para kaming mga nakawala sa koral. 'Yung mga panahong 'yun, *teenagers* na rin 'yung mga kapatid ko. Ini-*enjoy* nila 'yung *youth* nila. Tapos ako naman, papalaki na, so parang nawalan talaga ako ng gabay.

'Yung lolo ko, tarantang-taranta, kasi magkakaiba rin kami ng mga ugali. Magkakaiba kami ng eksena. Nababaliw talaga 'yung lolo ko that time kung paano kami itataguyod. Kaya naman humanap ako ng pamilya sa mga barkada ko. Doon ako umuuwi sa bahay nila. Minsan, dalawang linggo akong hindi umuuwi sa amin, kaya 'yung lolo ko, nagagalit. Lumayo 'yung loob niya sa akin.

***With your eldest brother and your mother away in the U.S., nagkaroon ba ng time that you truly felt alone?***

Nu'ng bata pa ako, hindi ko pa masaydong nararamdaman 'yun. Kasi 'di ba kapag bata ka, parang mababaw lang sa'yo ang lahat? Nu'ng umalis 'yung kuya ko, kasi nauna siyang umalis kesa sa nanay ko, ang alam ko lang noon ay magbabago na 'yung susundo't maghahatid sa'kin sa eskuwelahan. Pero hindi talaga masyadong naging *big deal* sa akin 'yung pag-alis niya.

Ang *big deal* sa akin, 'yung pag-alis ng nanay ko. Kasi pakiramdam ko noon, unti-unti na akong nawawalan—nawalan na ako ng tatay, nawalan pa ako ng nanay. Ano na ang matitira sa

# A Simple Kind of Life



Vice's old house in Sta. Cruz, Manila which is now being occupied by the Jesus is Lord (JIL) church chapter there. The caretaker of the house is Vice's brother Babot Viceral, who took *StarStudio* on a tour of the premises one rainy afternoon. The photos on this page are of the bedroom that Vice himself used to occupy.

Before stepping into the world of glitz and glamor, Vice was first and foremost simply known as Tutoy, a little boy growing up on the outskirts of Sta. Cruz, Manila.

He and his family lived in a humble two-storey house, which was every bit the picture of a classic Pinoy home.

Made entirely of wood complete with capiz windows and a *sari-sari* store, the second floor had four small bedrooms—one for his sisters, one for his brothers, one for his parents and the last one for Vice. "*Mag-isa ako sa kuwarto kasi tuwing magkaaway yung nanay at tatay ko, palaging may isa sa kanila na matutulog du'n sa tabi ko,*" he explains.

Vice recounts that their house was stocked with many different things, mainly because his grandmother who lived in the US would send them balikbayan boxes filled with a wide assortment of goods.

"'*Yung lola ko nagpapadala lagi,*" he says. "*Di'ba 'pag nasa Amerika, lahat ibibigay—tuwalya*, bedsheet, *kahit wala naman kaming kama. Marami rin kaming de lata. Nagho*-hoarding *'yung nanay ko, tapos naka*-display *'yung mga de lata, at bubuksan lang kapag talagang gutom na gutom na, at 'pag wala na talaga kaming ulam. Nakapatong sa ref 'yun, tapos naka*-pyramid, *talagang bilang na bilang, 'yung tipong malalaman mo kapag nabawasan kasi 'di na* perfect *'yung* triangle."



Vice still keeps some of the old furniture and decorative items from the old house, including this mirror.

On the other hand, Vice interjects that the very fridge holding all the canned goods has seen better days. Bought secondhand by his father, the refrigerator door has come off its hinges, making it really tricky to open.

"*Hindi mo siya puwedeng mabilis buksan. Nilagyan namin 'yun ng* interior *ng gulong na nakabuhol para sumikip siya. Tapos naaalala ko rin, kapag nakakakita ako ng lalagyan ng* ice cream *sa ref,* excited *ako. Pero pagbukas, isda pala 'yung laman.*"

They also had a display cabinet that showcased giveaways that his mother would take home from wedding receptions. Vice also shares that among the collection of mementos housed in the cabinet was a glass jar containing the floral decor that adorned wedding cakes, and of course, every parent's pride and joy—their children's awards.




Shirt from Moschino. Multi-patch red trenchcoat (stylist's own), shoes from Alexander McQueen, accessories from Givenchy and Versace

akin? Eh 'yung mga kapatid ko may kani-kaniyang mga *trip* sa buhay.

Pero mahal na mahal ako ng lolo ko. Talagang tutok siya sa akin, pero di'ba, hindi rin matatapos 'yung paghahanap mo ng wala? Laging hindi ka nakukuntento. Makukuntento ka na lang 'pag na-*reach* mo na 'yung *level of maturity*.

Nu'ng mga huling edad ko *as a teenager,* ang lungkot-lungkot ko, kaya bumaling na ako sa mga barkada ko. May nakita kasi akong saya sa kanila—naglalandian sila, ang kikay lang nila, harutan lang sila nang harutan.

***Noong time na 'yon, what career path were you interested in pursuing?***

Gusto ko talagang maging abogado. 'Yun din 'yung gusto ng tatay ko at ng lolo ko para sa akin. Mahilig din kasi talaga ako sa diskurso, sa diskusyon. Mahilig akong makipagtalo.

Sabi nga ng lolo ko dati, hindi na siya magtataka kapag naging pulitiko ako, kasi mayroon ako palaging opinyon kahit bata pa ako. Minsan nag-uusap sila, tapos sumasabat daw ako, at nagugulat sila kasi parang matanda raw akong mag-isip at tama raw 'yung mga sinasabi ko.

Tapos bata pa lang ako, mahilig na akong manood ng *news*, magbasa ng diyaryo—bukod sa palagi kong hinahanap si Larry Alcala noon, (*Alcala was a former editorial cartoonist for the 70s newspaper Daily Express, whose 'Slice of Life' drawings always had his image embedded in them*) mahilig din akong sumagot ng mga *crossword puzzle.*

***You were taking up Political Science at FEU but at some point in your college life, nawala 'yung scholarship mo, and eventually, you dropped out of school. What were the reasons that led to that?***

"Magte-*twenty years old* ako nu'ng talagang napariwara ako—'yung nag-*enjoy* na akong sumali sa mga *beauty contests*. Sama rin ako nang sama sa mga kaibigan ko, kaya hindi na talaga ako nakakapasok. Nu'ng natanggalan na ako ng *scholarship*, hindi ko masabi-sabi sa nanay ko na, 'Hindi na ako *scholar,* kailangan n'yo na akong padalhan ng pera.'

Tapos nu'ng nasabi ko na sa nanay at



A glammed-up Vice Ganda as he appears on TV daily as part of *It's Showtime*. This is his public face and persona. Although Vice's success has played a large part in helping to raise awareness for gays and of LGBT (Lesbian, Gay, Bisexual and Transgender) issues, Vice Ganda says they still have a long way to go. People need to be educated, he says, on topics like sexual orientation, and gender identity and expression.

nu'ng pinapadalhan na nila ako, parang nahiya ako. Eh siyempre, kapag *college*, mahal na 'yung binabayaran. Parang dumagdag pa ako sa bigat, kaya hiyang-hiya ako.

Kaya sabi ko, ayoko na lang mag-aral, para 'di na sila gagastos para sa akin.

***For the longest time you had to pretend to be someone that you were not. Ano ang pakiramdam mo noon, having to suppress your true identity growing up?***

Mahirap kasi lalo na tuwing naririnig mo kapag nag-iinuman 'yung tatay ko at mga kaibigan niya sa bahay namin, tapos darating ako at sasabihin niya, 'O, ito na 'yung bunso ko. Ito 'yung pag-asa ko. Ito 'yung natatanging lalaki sa pamilya namin, 'parang ang laki-laki

"'*Yung mga* certificates *namin—lalo na ako, ang dami kong* certificates *dahil lagi akong may* award *nu'n, naka*-display *'yun. Pati 'yung mga* trophies *at mga* medals, *naka*-display *katabi nu'ng dalawang malaking kutsara't tinidor sa kusina namin.*"

But perhaps the most notable piece of furniture in their home would have to be his mother's wooden cabinet that would later help motivate him to keep pushing on. It was your typical cabinet with double doors that opened into a closet space that was divided into two—one half allotted for clothes to be hung, and the other half decked with layers for folded articles of clothing.

On top of this cabinet was a carving design that used to have a circular mirror in place, but was replaced by family photos that were inserted there by his mother. "*Nu'ng nakita ko 'yung ganu'ng* cabinet *sa Gulong ng Palad, 'yung*



*kay* Kristine Hermosa *dati—'yun 'yung* cabinet *nila sa bahay n'ung mahirap pa sila,*" Vice recounts. "*Tapos naiyak ako talaga. Sabi ko, hindi ko makakalimutan 'yang* cabinet *na 'yan, kasi gan'un 'yung* cabinet *namin. Sabi ko, hinding hindi na ako babalik sa ganu'n at sisiguraduhin kong hindi na ako magkakaroon ng ganu'ng* cabinet *ulit.*"★








Photos by Renato Lu

Vice's Sta. Cruz home as it appears today. Most of the house has remained intact, possibly as a throwback to the TV host's humble beginnings.




Outfit from Vice's closet

"Hindi ko alam kung hanggang kailan ito, pero ngayon, nasa chapter na ako ng career ko na gusto ko namang maka-inspire. Kaya sana tumagal pa ako rito, dahil gusto kong mabigyan ng mas mahabang panahon na maka-inspire ako." – *On how he sees his future in the industry*

ng binigay sa akin na obligasyon—na kailangan ako talaga 'yung kaisa-isang anak na lalaki.

Kaya naman noon, namumutawi sa akin 'yung takot. At saka gusto ko ring bigyan ng saya 'yung tatay at nanay ko, na ako nga 'yung lalaki. So gumawa ako ng mga paraan. Akala ko, *it can be cured,* kaya nag-*girlfriend* ako. Sabi ko, kapag nagka-*girlfriend* ako, baka ma-*enjoy* ko, at 'yun na 'yung dahilan para talikuran ko 'yung kabaklaan. Pero hindi naman pala. Na-*realize* ko na *it can never be cured* kasi hindi naman siya *disease.*

### When and how did you come out to your family?

Actually, nalaman na lang nila nu'ng nag-*attempt* akong mag-*suicide*. Ang tanda ko, 17 or 18 ako n'un. Na-*confirm* na lang nilang bading ako dahil doon sa *suicide note* ko.

Gumawa ako ng *poem*, na in-*assess* ng *psychologist*. Sabi niya sa nanay ko, 'Nakapaloob dito sa *poem* na bading 'yung anak n'yo.' Nu'ng lumabas na ako ng ospital, hindi na namin pinag-usapan kung kailan ako naging bakla, bakit ako nag-bakla—*never*. Pinadalhan lang ako ng sulat ng nanay ko at ng kapatid ko, na sinasabi nilang kung ano man ako, hindi ko kailangang itago sa kanila; na hindi naman magbabago 'yung pagmamahal nila sa akin; at saka ano man 'yung nangyari, at kung ano man 'yung puwede pang mangyari, eh mananatiling mahal na mahal nila ako.

Binigyan lang nila ako ng *security* na mahal na mahal nila ako.

### Have you ever experienced being bullied just because you're gay?

"Lahat naman binu-*bully*, eh. Kaya dapat sa bahay pa lang, mayroon nang pamamaraan 'yung mga magulang mo kung paano palalakasin ang loob mo, at kung paano mo ipaglalaban ang sarili mo. 'Yung pamilya ko kasi, matapang. Matapang 'yung tatay ko at nakita ko 'yung *attitude* niya na hindi puwedeng magpa-api. Matapang ang tatay ko, kaya dapat matapang din ako. Dito sa Pilipinas, tuwang-tuwa 'yung mga tao kapag bakla ang ino-okray. Pero n'ung ako na ang nang-okray, hindi puwede. *Double standard*, di'ba?

Pero sa totoo lang, hindi naman kami ang unang nang-okray, eh. Kami ang unang inokray at ibinalik lang namin sa kanila 'yun pero nagagalit sila.

### Sa panahong ito, in your opinion, naging mas madali na ba para matanggap ang LGBT community, dahil nagiging mas bukas na ang usapin tungkol dito?

*I would say no. People need to be educated.* Sabi ko, sino kaya ang puwedeng mag-*educate* sa tao ng SOGIE (*or the Sexual Orientation, Gender Identity and Expression caucus, that aims to promote the human rights of people regardless of their orientation*)? Iba kasi ang *sexual orientation* sa *gender identity*, at *gender expression*. 'Yung *sexual orientation* mo, kunyari parang si Ogie Diaz *(actor, talent manager, entertainment columnist and radio host*). Siya ay bakla, pero may asawa siya (na babae). *So* ang *sexual orientation* niya, babae. Pero ang *gender identity* niya, bakla siya. At ang *gender expression* niya naman ay panlalaki kasi mukha siyang lalaki—hindi siya nagme-*makeup* at ang damit niya, panlalaki.

Ako, ang *sexual orientation* ko, lalaki naman ang gusto ko. Ang *gender identity* ko, bakla rin, katulad ni Ogie. Pero ang *gender expression* ko, pa-*girl*.
Ang jowa ko naman, ang *sexual orientation* niya, pumapatol siya sa akin, sa bakla. Pero ang *gender identity* niya, lalaki siya. Ang *gender expression* niya, lalaki pa rin. At ang tangi lang makakapagsabi sa'yo kung ano ang *gender* mo, ikaw, at hindi ibang tao. Kaya dapat itinuturo na rin ang SOGIE sa eskuwelahan, kagaya ng *sex education*."

### Sino sa tingin mo ang unang tao to ever make you feel totally accepted for who and what you truly are?

'Yung mga kaibigan ko, kasi sila naman talaga ang unang nakaalam kung ano talaga ang kulay ko, eh. 'Yung mga kapatid ko, may mga duda, pero hindi nila alam talaga kung ano 'yung totoo. 'Yung mga kaibigan ko, hindi ko talaga sila kayang iwanan kahit saan ako magpunta. Kasi simula pa lang, sa kanila ako nagpakilala, at minahal nila 'yung nakilala nila. Lahat ng laban ko, kasama ko sila.

Nu'ng unang araw ko sa *comedy bar* na *trial set* lang, wala kaming pera nu'n, eh. Sabi nila, i-*try* ko lang para kumita kami. P500 *a nigh*t ang suweldo. Sabi ko ita-*try* ko,pero wala akong damit. Eh, *enrollment* nu'n. Hindi sila nagbayad ng *full* na *tuition fee*. Nag-*downpayment* lang sila para 'yung sobra, pinag-*shopping* nila ako ng damit na ginamit ko sa unang *show* ko.
Hindi ko makakalimutan 'yun, kaya ngayon, *spoiled* na *spoiled* sila sa'kin.

### From where did you draw inspiration para sa mga stand-up at comedy routines mo?

Sa mga karanasan ko—'yung mga pinagdaanan ko sa buhay, mga nakita kong eksena doon sa lugar namin, 'yung mga eksena sa loob ng bahay namin, eksena ng kapitbahay, eksena ng kaklase ko, mga eksena ng mga kasamahan ko sa *comedy bar,* sa mga nakasalamuha at na-*interview* ko araw-araw.

*Every night* kasi, nagpe-*perform* ako sa *comedy bar,* kaya sa araw-araw, napakarami ko talagang nakikilala. Lahat sila, may kuwento. Lahat, may eksenang nakakatawa. 'Yung mga nakita ko, in-*observe* ko, gagawin ko na lang istorya, tapos io-OA ko na lang, para mas nakakatawa. Mas nae-*enjoy* ng mga tao kasi alam nilang totoong nangyayari, totoong may ganoong tao, totoong narinig nila sa ibang tao 'yun, at nakita nila sa ibang lugar 'yun.

### So, nakatuntong ka na sa mga stage ng comedy bar. Did that prove to be a challenge for you? Did you also face rejection back then?

*It was a big challenge*, 'di lang sa akin, kung 'di pati na rin sa mga taong tumutulong sa akin noon. Dati kasi kapag bakla ka, dapat mukha kang lalaki, tapos saka nila ipe-*playtime* 'yung hitsura mo, pero hindi pwede 'yung mukha kang babae agad. Eh ako, *cross-dresser* na dati pa. Sabi nila sa akin noon, 'Puwede ka, pero magpa-mhin ka.' Kaso, hindi ko puwede ibenta ang isang bagay na hindi naman ako, kaya hinintay ko 'yung pagkakataon na tanggapin nila ako bilang pa-*girl*.
There was a time nga na pinasok ako ni Direk Wenn [Deramas] sa isang *movie*, tapos tinanggal ako sa *line-up* kasi sabi ng *management*, huwag daw munang bakla. Kaya ang ginawa ni Direk Wenn, pinasok nalang ako pero ang karakter ko, lalaki.

Noong *first season* naman ng I*t's Showtime,* hindi raw ako pwedeng magdamit babae. Pero inunti-unti ko sila—shumorts na ako, tumakong na ako, nag-pula na akong *lipstick,* hanggang sa tinanggap na nila ako.

At doon ako sinimulang mahalin ng tao, kasi nakita nila 'yung totoong ako.

Tapos maraming naka-relate kasi ang daming bakla sa Pilipinas eh. Ang dami kong na-*represent* bigla."

***Noon, ano ang naging pinaka-frustrating point ng career mo bilang stand-up comedian?***

'Yung isa-isa nang nagsikatan 'yung mga kaibigan ko—sina Ethel Booba, si Pooh, si Chokoleit. Nauna ako sa Laffline dati eh, pati sa Punchline (*two of the most popular comedy bars in* Quezon City).

Ang tawag pa nga sa akin du'n dati sa *comedy bar*, 'The Queen of Punchline and Laffline'. Nauna akong pumasok sa kanila doon, kasi sa ibang *comedy bars* pa sila nagpe-*perform* nu'n bago sila pumasok sa Punchline at Laffline. Pero, na-expose sila sa TV, at sumikat sila. Nagkaroon sila ng TV *show*, ng mga pelikula. Sabi ko, anong nangyari? Eh ako 'yung reyna dito sa *comedy bar*, pero naunahan na nila ako. Bakit hindi ako nabibigyan ng ganoong atensyon, ng ganu'ng *break*? Na-*frustrate* na ako *that time*, kaya inisip ko na lang, kaysa ma-*depress* ako, ite-*take* ko nalang 'yun *as a big blessing*. Kung hindi man ako pang-TV, okay lang, pero sisiguraduhin kong ito ang teritoryo ko.

Itong *comedy bar*, akin 'to. Dito sa *comedy bar,* sisiguraduhin kong ako 'yung *star. I will make sure that I will be the biggest fish in a small pond.*

## The Big Fish tries out the biz

***From those days in comedy bars, nakatapak ka na ng showbiz. Unti-unti, nakilala ka. Until you became 'the' Vice Ganda. Do you have any regrets about joining showbiz?***

Ayokong panghinayangan. Kasi ang laki ng tulong nito sa buhay ko, at sa buhay ng pamilya ko. Ang laking saya ang ibinigay nito sa sarili ko, sa pamilya ko at sa ibang tao. Itong pagpasok sa *showbiz*, naging dahilan ng kasiyahan ng napakaraming tao—'yung mga taong nakakilala sa akin, 'yung mga taong kumapit sa akin, at 'yung mga taong naniniwala at nagmahal sa akin. Parang naging *source of joy* nila ako eh, kaya kung pagsisisihan kong pumasok ako sa *showbiz*, sayang naman 'yung kasiyahang ibinigay ko sa kanila, at pati na rin 'yung gandang idinulot nito sa buhay ko.

***What is the most important lesson that you have learned in showbiz so far?***

*That showbiz is an industry, not an attitude.* Iba 'yung bahagi ka ng industriya ng *showbiz*, iba rin 'yung



Vice Ganda's showbiz *'anak-anakans'*—from left, Ryan Bang, Marco Gumabao, Patrick Sugui and Axel Torres (in white shirt, with back to camera) dropped in during the shoot. They often do so on other days, or when they just need to talk or ask for advice from their "Mommy Vice".







Photos from the Instagram accounts of Vice Ganda, Buern Rodriguez and Budi Puray

# Nurturing A Soul



Vice with his makeup artist Archie Valencia

Ask anyone close to Vice Ganda and they will all say the same thing: he is the very definition of the word "generous". This fact holds true, especially for his close friends Donna Dalanon, Budi Puray, Kitty Montecarlo and Ohw 'Orli' Domingo who help take care of Vice's personal needs and schedule (Orli also manages the comedy club Laffline). All trace their friendship with Vice back to their teenage years and are almost like family to him.

Budi shares: "Since college days *namin, talagang nagi*-stay *na kami sa isang bahay—kunyari sa bahay ko* on weekdays, *pagkatapos nu'n, sa bahay naman nila. Marami na kaming natirahan, mula* Makati, *hanggang* Marikina, *hanggang* Project 6 (sa Quezon City)."

Vice may have become a huge star but at the end of the day, their friendship never changed.



With his friend Budi, who Vice has known for years.

"To be honest, *kung ano 'yung takbo ng buhay namin dati,* or relationship *namin sa isa't-isa noon, kahit tumaas 'yung antas ng pamumuhay niya, wala pa ring nagbago,"* Budi continues. "*Kung may nagbago man, siguro 'yung mga* places *na pinupuntahan, 'yung* lifestyle, *at 'yung mga taong nami*-meet *namin* through Vice."

But more than generosity, Vice is also said to be very nurturing, and often assumes a motherly role towards his friends. Don shares: "*Si* Vice, late *na umuuwi kasi nagpa*-party. *Pero 'pag uwi niya, sinisilip pa muna niya kami sa kuwarto, kung nandoon na rin ba kami."*

This motherly instinct is a benefit enjoyed not only enjoyed by his childhood friends, but also by his friends in showbiz whom he refers to as his "*anak-anakan*." This includes young stars Ryan Bang, Dominic Roque, Kiray Celis, Patrick Sugui and Marco Gumabao, to name a few.



Vice Ganda with some of his closest friends: (clockwise: Olive Zarate, Aaron Mangsat, Paul Cabral, Archie Valencia and Buern Rodriguez

It was in 2010 when Ryan first met Vice on the set of *It's Showtime* when



#ProudToBeMe shirt - available at the ABS-CBN Store

Vice by the outdoor pool area of his home, wearing his #proudtobeme shirt. The "proud to be me" advocacy started by the actor, TV host and comedian has been picked up by his fans and other supporters and has become a rallying call for people to not be afraid to show who they really are.





(Top and above): Screengrabs from the *It's Showtime* episode where he stripped himself of his makeup and launched his #proudtobeme advocacy. The girl at right is the advice-seeker Pamela Reyes.

Vice with good friends Donna and the coach of the Ateneo Lady Eagles volleyball team, Coach Tai Bundit.



he guested as a *hurado* (judge). Fresh from his stint in *Pinoy Big Brother: Teen Clash 2010* where he finished second to Big Winner James Reid, the Korean teenager had no friends during that time. "*Kaya nu'ng una kong makita siya, sinundan ko siya* (Vice) *sa kotse niya at sumama ako sa* condo *niya para kumain,* "Ryan shares and with a laugh, adding : "*Tapos araw-araw na akong pumupunta doon. Nabubwisit siya minsan pero kaunti lang.*"

Throughout the years, he and Vice have formed a very close bond that has only been strengthened by time. Ryan affectionately calls Vice his mommy, and gives him the kind of respect that he would give his real mother. Vice has also become his go-to person for guidance in everything he needs to decide on—from his showbiz career to his love life.

Yet perhaps the most significant advice that Ryan has received from him was to never let a fight with his mother go unsettled.

"*Nag-away kasi kami ng* mommy *ko sa* Korea. *Nagtampuhan kami tapos hindi ko siya kinakausap. Sabi ni* Mommy [Vice], *'Bakit hindi mo siya kinakausap? Paano kapag nawala sa'yo? Dapat lagi mong mahalin ang* mommy *mo.*'"

A blonde Vice Ganda with Budi (wearing cap) and other friends when he took a ride on the MRT



But Vice's kindness extends even to the people comprising his glam team, with whom he has forged lasting friendships as well. His makeup artist Archie Valencia, hairstylist Buern Rodriguez and fashion stylist Aaron Mangsat have been with him for about three years, and they couldn't be more thankful to be able to work for someone like Vice.

When asked what the comedian is like around his friends, Buern says, "*Nakakatuwa siya kasi kapag gigimik kami at kapag nagkukwentuhan, marami siyang chika. At saka siya,* what you see is what you get. *Kapag galit siya, galit siya. Kapag masaya siya, masaya siya. At si* Vice, *kapag kinonsider ka na niya* as family, *mawala ka lang ng isang buong araw, hahanapin ka niya.*

*Ilang oras nga lang na mawala eh, itatanong ka na niya sa iba. Malalaman mo kapag* love *ka niya. Hinahanap ka niya.*"★

Vice with members of the G-Force



*showbiz* ka mismo. Hindi mo kinakailangang magpaka-*showbiz* para maging bahagi ng *showbiz.*

***What is the trickiest thing about being in showbiz?***

"Dati noong wala pa ako sa *showbiz*, parang ang dali-dali lang sa aking makipag-relasyon. Kaya kong lumabas ng bahay kasama 'yung *boyfriend* ko. Dati, wala akong iniisip na baka pag-usapan kami. Ngayon, hirap na hirap ako kasi may interes na ang mga tao na pag-usapan ako at 'yung *partner* ko. Di'ba ang sarap kapag kunyari *Valentine's Day*, tapos magde-*date* kayo? *Excited* kayong mag-jowa na lumabas pero ngayon, hindi ko 'yun ma-*enjoy*. Kung gagawin man namin at ipipilit namin, kailangan namin talagang magtago at lumabas ng ibang bansa. Minsan nasa isang lugar kami pero nagtitinginan nalang kami. Hindi kami magkadikit. Kung nasa *club* kami, nasa magkabilang dulo kami, o kaya nasa taas ako at siya naman nasa baba, tapos nagse-senyasan na lang kami.







With some of the people who mean the most to him (**clockwise from above**): *anak-anakan* and *It's Showtime* co-host Ryan Bang; his mom Rosario; with some of his closest friends, (**from left**) Mon Natividad, Budi Puray, Donna Dalanon, Kitty Montecarlo and Orli Domingo. Anyone who becomes close to Vice Ganda soon realizes what kind of a friend he is. "To be honest, *kung ano 'yung takbo ng buhay namin dati*, or relationship *namin sa isa't-isa noon, kahit tumaas 'yung antas ng pamumuhay niya, wala pa ring nagbago,*" says his good friend Budi. "*Kung may nagbago man, siguro 'yung mga* places *na pinupuntahan, 'yung* lifestyle, *at 'yung mga taong nami-meet namin* through Vice."

***At this point in your showbiz career, what has been the worst criticism you have received so far and how did you deal with it?***

'Yung mapanlait daw ako. Pero ang pinaka-*worst* talaga ay 'yung sinabi nilang *I made fun of rape victims.* Hindi ko talaga 'yun matanggap kasi *I never made fun of rape victims. It was intentionally taken out of context.*

Pero sabi ko, hindi ko na itutuloy ang laban na 'yun, kasi gusto ko na lang manahimik ang buhay ko at ang buhay nila. Tutal, matatapos din 'yun. Alam ko namang naka-*offend* ako at hiningi ko naman ng paumanhin 'yun.

Ang nakakaloka lang talaga, 'yung pinalaki nang pinalaki ng mga taong wala namang kinalaman, na ang *focus* talaga nila ay pabagsakin ako gamit 'yung *issue* na 'yun.

Pero ang bait ng Diyos dahil hindi talaga sila nagtagumpay. *It was a big blessing* sa akin, *to have that opportunity* para ma-*realize* ko kung gaano pala talaga karami ang taong nagmamahal sa akin, at kung gaano karami ang taong makikipaglaban para sa akin.

*It was a good fight* pero hindi ako masyadong napagod kasi *I did not have to fight for myself. There were so many people who fought for me that time.* Na-*realize* ko na mamahalin nila ako doon sa pinaka-magandang bahagi ng buhay ko, hanggang doon sa pinaka-madilim na bahagi. Ang sarap-sarap sa pakiramdam.

***Everyone was surprised when you stripped your face of all your makeup and removed your hair extensions on It's Showtime. Throughout your years in showbiz, did you ever imagine that you would do something like that on national television?***

*No.* Para akong sinapian na 'di ko maintindihan. *I never knew* na *there will come a time* na ipapakita ko 'yung sarili ko ng ganu'n sa TV. Kahit 'yung mga pinakamatatalik kong kaibigan, hindi nila nakita 'yun. 'Yung *makeup*, puwede pa, eh, pero 'yung pinakita ko 'yung buhok? *No-no* talaga sa akin 'yun.

Sobrang laki ng *insecurity* ko sa buhok ko. Ito talaga 'yung magkamatayan na, hindi pwedeng makita 'yung *hairline* ko. Feeling ko kasi, ito 'yung magpapabagsak sa *career* ko, at ito 'yung puwede nilang ipang-okray sa akin na talagang ika-iiyak at ikapipikon ko. Kapag nasa Boracay ako, hindi ako makapag-*swimming*, kasi mababasa at matatanggal 'yung dikit nu'ng *extensions* ko.

Pero at that moment sa *It's Showtime*, naramdaman ko 'yung *fear* nu'ng batang umiiyak, dahil sa binully siya at nawalan siya ng kumpiyansa sa sarili. *I felt* na kailangan kong palakasin ang loob niya, at baka hindi na kami magkita ulit.

Kailangan ko siyang bigyan ng isang sampol na panghahawakan niya habambuhay, at gagawin niyang inspirasyon. 'Yun lang, 'yung batang 'yun lang ang nakita ko. Hindi ko 'to nakitang ikaiiyak at ikare-*relate* ng marami. 'Yung bata lang talaga 'yung *concern* ko.










Through the years, Vice Ganda has nurtured his friendships, both in and out of showbiz and has never been afraid of showing his friends his true colors. (Clockwise, from top) with (from left) Anne Curtis, Angel Locsin, Kris Aquino and Karen Davila; undated personal photos of a younger Vice Ganda; and with friends and schoolmates during his high school days.

Sabi ko, *I have to make a point. I have to make a stand. I have to inspire this little girl.* Pinakita ko sa kanya na 'ako nga ito o, wala akong *makeup*'. Burog daw ang mukha ko, di'ba? Pero naniniwala pa rin akong maganda ako. Kaya kung ako nagagandahan ako sa sarili ko, bakit ikaw, hindi ka magandahan sa sarili mo?

*It was never meant to be a campaign; it was never meant to become an advocacy. I just wanted to inspire that girl at that moment.* Gusto ko siyang makaramdam ng kagaangan sa sarili niya, na hindi ko alam na gan'un pala kalaki 'yung magiging epekto.

*I'm just so proud of that moment,* kasi at least, isang beses sa buhay ko, mayroon akong siguradong nagawang tama.

***As Madam Bertud, what advice would you give to the people who are struggling to overcome the challenges they are facing right now?***

Sobra kasi akong *optimistic. As much as possible, I would like to remain positive every day.* Kasi ang nakikita ko sa mga tao, masyado nilang kina-career ang problema nila. Iniisip nila nang iniisip 'yung sakit at 'yung pangit na epekto.

Ako kasi, mas tinitingnan ko 'yung *opportunity*. Kunyari nadapa ako—iisipin ko kung ano kaya ang magandang maidudulot n'un sa akin. Itong dapang 'to, isa itong *opportunity* para sa akin para ma-*realize* ko na hindi pala *safe* dumaan sa dinaanan ko. Kasi kung hindi ko nalaman 'yun, baka madapa ako doon sa panahon na hindi ko na kakayanin bumangon. O kaya naman kunyari, *broken-hearted* ka. Kapag iniwan tayo ng mahal natin, ang iniisip natin lagi ay 'yung iniwan tayo, at saka 'yung bakit tayo iniwan'. Hindi natin agad iniisip 'yung, 'Paano na ako ngayon? Ano bang gagawin ko ngayon na iniwan na ako?' Kaya kailangan talaga, mas makita mo 'yung *opportunity* kesa sa *tragedy*. Kailangan din laging mas nakikita ang solusyon kesa sa problema. Nabasa ko rin 'yan, eh, na sa problema, kailangan laging may *First Aid*. Ang problema, hindi raw dapat itinutulog, tapos 'yung sasabihin mo lilipas din 'yun. Masama raw 'yun. Dapat huwag mo raw pinalilipas. Dapat ina-*apply*-an ng *first aid*. Kasi kapag hindi ginagamot 'yung sugat, baka ma-impeksyon. Kapag na-impeksyon, baka lumaki. Kapag lumaki, baka lumala. At kapag lumala, baka ikamatay mo.

***Matapos ang lahat ng naganap sa It's Showtime, sa pagpapakita mo ng totoong ikaw—naging advocacy mo na siya nang hindi sinasadya.***

Ngayon, tuwing may makakausap akong ilan sa TV na sasabihin nilang chaka (pangit) sila, hindi ko sasayangin 'yung pagkakataon na i-*correct* 'yun, na, 'Hindi ka chaka.'

Noon lagi nilang binabato sa akin na masyado raw akong mapanlait. Pero hindi ako mapanlait. Kung may sinasabi ako, hindi ko naman sinasabi *as* lait. Sinasabi ko 'yun dahil 'yun 'yung nakikita ko sa'yo. Ang lait ay kung sinabi kong ang taba mo at wala kang kwentang tao dahil mataba ka—'yun ang lait.

Pero kapag sinabi kong ang taba mo, hindi kita nilalait kasi talaga namang mataba ka. *Feeling* mo lang nalait ka kasi hindi mo tinatanggap na mataba ka. Pero gusto kong mapa-*realize* sa tao 'yung mga totoong hitsura nila, 'yung mga totoong hugis nila, totoong kulay nila, ay tanggapin nila. At mahalin nila ang sarili nila katulad ng pagmamahal na ginagawa ko sa sarili ko. Gusto kong ma-*inspire* sila sa pamamagitan ng ginagawa ko sa sarili ko.

Kasi nga, di'ba, 'yung *Vice Gandang Ganda sa Sarili*, hindi naman lahat nagagandahan sa'kin eh. Pero naniniwala akong maganda ako at kahit anong sabihin nila, okay sa'kin ang mata ko, okay sa'kin bibig ko, okay sa'kin 'to lahat. Kaya kung ako nararamdaman ko 'to, dapat ikaw rin maramdaman mo sa sarili mo. Lalong-lalo na kung talagang maganda ka."

## Big Dreams

***From doing It's Showtime to starring in major blockbusters and releasing music records, what other projects do you still dream of doing in the future?***

"Gusto kong ma-*direct* ni Inang (Star Cinema Creative Head and director) Olivia 'Olive' Lamasan. Sinabi ko sa kanya 'yan. Gusto ko rin makagawa ng isang pelikulang ilalabas 'di lang sa Pilipinas, kung 'di pati na rin sa *Asia*. Gusto kong ma-*penetrate* 'yung mas malawak na *scene*. Kasi malay mo, talagang ganoon ako kalakas kay Lord at ibigay pa Niya ang *Hollywood*, 'di ba? Pero *for now*, sobrang nag-i-*enjoy* ako sa mga binibigay sa aking *blessings* sa Pilipinas."

***Are there any other local artists that you still wish to work with?***

"Nag-*concert tour* na kami ni Lani Misalucha sa US. Pero si Regine [Velasquez], hindi pa, *although* nag-*guest* na siya sa *concert* ko. Ang gusto ko 'yung kaming tatlo. Sabi ko, parang *dream project* ko 'yung kaming tatlo para *back-to-back-to-*'backla'. Kasi magiging parang *gay pride presentation* ito. *Gay icons* kasi 'yung dalawa, eh, tapos sasamahan pa talaga ng isang bakla. So parang magiging regalo 'yun sa sangkabaklaan. Sa pelikula naman, gusto ko rin sama-sama 'yung mga bigatin, katulad nina Maricel [Soriano], Vilma [Santos], Nora [Aunor], Sharon [Cuneta]—'di ba kung sila 'yung mga kasama ko sa pelikula, ang bongga?

***Do you have plans of mentoring young talents?***

Actually, nagme-*mentor* na ako. Pero hindi 'yung pormal na *mentoring*, kasi lalo na sa *comedy bar*, may mga anak-anakan kami diyan. So lahat ng katulad ni MC at saka ni Lassy (*two up-and-coming stand up comedians*), binibitbit ko sila kahit saang *tour* ko. Tapos 'yung mga bata na komedyante sa *comedy bar*, kinakausap ko sila.

Nu'ng nag-*senior* na ako sa *comedy bar* tapos maraming mga batang pumapasok, strikto talaga ako. Takot sila sa akin, hindi dahil sa nang-aabuso ako ng mga *younger* sa aking *talents*, kung 'di dahil kapag nakikita kong hindi nagse-seryoso sa trabaho, 'yung pala-absent, 'yung may bisyo, or kapag palaswa na nang palaswa 'yung mga *jokes*—pinapa-suspinde ko talaga lahat 'yan, o kaya pinapabawasan ko ng *set* para magtanda.

Mini-*meeting* ko talaga sila hangga't maaari para ma-*share* ang alam naming tama sa kanila. 'Yung si Negi, inanak-anak ko na rin 'yun. Dati kong pinapagalitan 'yun, kaya nga noong pinasok ko siya sa *It's Showtime*, sabi ko sa kanya, 'Ang dami nang nagbigay sa'yo ng *chance*, kaya 'pag ito sinayang mo, tatanggalin talaga kita rito.'

***With your schedule now, paano mo nama-manage ang work-life balance?***

"Kapag trabaho, ayoko 'yung magdamag. Kapag ganu'n, hindi ko tinatanggap 'yung trabaho. Magta-trabaho lang ako hanggang ala-una ng madaling araw. Kahit *shooting*, sinasabi ko na kahit anong mangyari, *cut off* ay ala-una ng madaling araw. Kung may nakuhanang eksena hanggang ala-una pero hindi natapos, *maximum* hangang 2:00 a.m. lang ako.

Gusto ko kasi bago ako umuwi, may pupuntahan muna akong rampa. *I will make sure* na hindi ako uuwi ng bahay na 'yung isang buong araw, trabaho ko lang ang ginawa ko. Kailangan mayroong bahagi ng araw na na-*enjoy* ko, inirampa ko, iniharot ko, inilandi ko, para nagagawa ko pa rin 'yung *normal* na ginagawa ko dati. 'Yung mga barkada ko sa *comedy bar*, kini-kidnap ko sila. Bigla akong darating tapos aabangan ko sila sa *parking*.

Sasabihin ko, 'Pasok kayo sa kotse, may chika ako.' Pagpasok nila sa kotse, dadalhin ko na sila kung saan—sa mga tapsilugan sa Tondo, mga kainan sa Carriedo. Kumakain kami sa kung saan-saan, tapos ibabalik ko na lang sila sa comedy bar ng mga bandang alas-sais o alas-siyete ng umaga.

Pag-uwi, doon pa lang ako matutulog. Gusto ko masaya rin ako bago matulog. Gusto kong ma-enjoy ko 'yung buhay ko sa pamamaraang gusto ko—hindi 'yung natapos lang 'yung buong araw na ang ginawa ko lang ay 'yung mga bagay na kailangan kong gawin kasi naka-kontrata ako, at obligado akong gawin ang mga 'yun."

***What's the best compliment you've ever received, at galing kanino?***

'Yung, '*You're a good son*,' *coming from my* nanay. Nu'ng sinulat niya sa akin 'yun, sinabi niya na wala akong dapat na ika-pangamba, na hindi ako dapat ma-*bother* sa mga sinasabi sa'kin ng mga tao. *That's where I draw my strength from.* Kaya hangga't *proud* sa akin ang nanay ko, at sinasabi niyang mabuti akong tao, hindi ko kailanman pagdudodahan ang nagawa ko at ang kabutihan ko sa puso.

Kasi 'di ba, kung mayroong makakakita ng kasamaan mo, ng mali sa'yo, sa nanay mo 'yun, eh. At kung hindi man niya makikita, mararamdaman pa rin niya 'yan, at kapag naramdaman niya, itutuwid niya 'yung pagkakamali mo.

***Was there ever a point in your life when you felt the need to get back at people who had hurt you and tried to bring you down when you were still starting?***

Oo. Gusto ko silang balikan para makita nila 'yung ngiti ko, 'yung itsura ko. Gusto ko silang balikan hindi para gantihan sila, kung 'di para lang ipakita sa kanilang hindi sila nagtagumpay sa ginawa nila sa akin—na hindi ko kinakailangang magsalita at manakit para ma-*defend* ang sarili ko sa pang-aapi nila sa'kin.

***How do you see yourself continuing your showbiz legacy?***

Hindi ko alam kung hanggang kailan ito, pero sana mas mahaba-haba pa ang *career* ko. Noong mga unang bahagi ng *career* ko, ang gusto ko lang gawin ay magpatawa. Pagkatapos nu'n, dumating ako sa puntong-gusto ko nang kumita. Pagkatapos ng gusto ko nang kumita, sabi ko gusto ko nang magkaroon ng *record*. Pagkatapos nu'n, nagkaroon na rin ako ng sarili kong *title*.

Ngayon, nasa *chapter* na ako ng *career* ko na gusto ko namang maka-*inspire*. Kaya sana tumagal pa ako rito, dahil gusto kong mabigyan ng mas mahabang panahon na maka-*inspire* ako.

***What would count as your proudest moment?***

*Today*. Itong oras na 'to—ito 'yung *proudest moment* ko, kasi ito 'yung suma ng mga nangyari kahapon. Kasi the fact na binibigyan n'yo ako ng oras ngayon para *interview*-hin, *the mere fact* na ako 'yung pinili n'yong gawing *cover* nitong *magazine* na ito, ibig sabihin *relevant* pa rin ako *after all these years—after all that has happened.*

Lahat na ng intriga, lahat na ng dagok yata, lahat na ng masasakit at masasamang salita, ibinigay na sa akin. Lahat na ng husga, ibinigay na sa akin, pero gustong-gusto pa rin nila ako, mahal na mahal pa rin ako ng tao, *interesting* pa rin ako sa kanila. Kaya naman *proud* na *proud* ako sa araw na ito, dahil nakatayo pa rin tayo.★

# Hot Topics

Vice shares his opinions on the recent gripping issues that sparked public discourse across the country and the world

## Keeping Up with Caitlyn

*After her lifetime struggle with concealing her true identity, 1976 Olympic decathlon gold medalist Bruce Jenner finally freed herself—and debuted as Caitlyn Jenner on the cover of Vanity Fair's June 2015 issue, where she gave the world a glimpse of her new life as a woman. She graced the magazine following her interview with Diane Sawyer, and during a two-part "Keeping Up with the Kardashians" episode that aired in May.*

Ang saya lang kasi ano 'yun, eh, sobrang gandang inspirasyon para sa lahat, na walang tamang edad para i-pursue mo 'yung bagay na makapagpapaligaya sa'yo, at ipakilala mo sa buong mundo ang totoong ikaw. There's no such thing as too late. Kahit kunyari may taning na ang buhay mo at mamamatay ka bukas, puwedeng ngayon, eh. Kaya walang 'too late'.

At saka, 'di ba, kahit ano pang pinagdaanan mo, kahit gaano mo katagal na itinatago ang mga bagay tungkol sa sarili mo, darating ang panahon na gugustuhin mong makawala, at ipakita nalang kung ano 'yung totoo. At walang makapagpapasaya sa'yo kundi ang katotohanan ng puso mo.

## When Love Wins

*June 26, 2015 proved to be an historic day for America, when the United States Supreme Court legalized same-sex marriage in all its 50 states. The country's views of same-sex marriage have come a long way since 2004, when Massachusetts became the first state to allow gay couples to marry. Since 2013, the Supreme Court has been working on fighting discrimination by dismantling part of the 1996 Defense of Marriage Act, which prevented gay couples from enjoying the hundreds of benefits available to other married couples under federal law.*

Masaya ako para sa mga members ng LGBT community na interesadong magpakasal, kasi ang daming gusto talagang magpakasal, eh. Sa Pilipinas nga, ang daming nagpapakasal, kaya sabi ko, sayang naman dahil hindi naman ire-recognize 'yung kasal nila, pero nagpapakasal pa rin. Gusto lang nila 'yung may seremonya, 'di ba. Marami talagang may gusto kaya happy ako for them. Pero ako kasi, hindi naman ako masyadong makikinabang doon, kasi 'di ko naman nakikita 'yung sarili kong magpapakasal. Hindi ako yung marrying type, eh.

*His message on groups that still refuse to acknowledge same-sex relationships:*

May you live in peace. 'Yun na lang ang masasabi ko kasi kahit anong explain mo sa kanila, hindi talaga nila tatanggapin, kaya magpapaka-pagod ka lang. Kung makikipag-debate ka, sayang ang oras, at masakit sa ulo. Magtatagisan lang kayo ng kaalaman, pero wala naman kayong tatanggapin sa isa't isa.








**Veejay Floresca**
Jun 14 at 9:33am •

I don't like ranting on Facebook, but I think this issue needs to be solved. Last night, I went to Valkyrie with a friend. I was on guest list. When I was about to get in, the bouncer refused to let me in because according to dress code policy, they don't allow cross dresser. I smiled and showed them my California State ID. I said "I'm female. I don't live here, im from California." The bouncer apologized and allowed me to get inside. In my 3 years of living in the U.S. This never happened to me. To the people of Valkyrie, please have an open mind and understanding.

668 likes 87 comments

Like Comment Share



(Photos above) Some of the 'burning issues' of the day that concern the LGBT—Lesbian, Gay, Bisexual and Transgender—community: Bruce Jenner's transformation into Caitlyn Jenner; same-sex marriage; and Filipino designer Veejay Floresca, who was denied entry into a club because of a 'no cross-dressing policy'.

## The Fight for Equality

*Transgender designer Veejay Floresca was denied entry to the Valkyrie nightclub at Bonifacio Global City, even when she showed her California state ID that indicated her female gender marker. The bouncer who barred her entry cited Valkyrie's "no cross-dressing" policy as the reason for keeping her out.*

Na-deny ng entry si Veejay Floresca dahil sa maling pagpapatupad ng mga polisiya sa loob ng club. It was an irresponsibility sa side ng isang staff, hindi ng buong establisimiyento, at hindi ng mga may-ari. Ang nagkamali 'yung staff. Ni-reprimand na siya, tapos humingi ng paumanhin doon sa mga na-offend. Nakipag-dayalogo rin ako sa kanila, para malaman kung paano maging mas maayos ang pamamalakad ng Valkyrie.

Pero ang una kong gustong maging batas, kapag naging mambabatas ako, ay 'yung maging bahagi ng itinuturo sa eskwelahan yung SOGIE. Kailangan talagang maintindihan ng mga tao 'yun. Ako nga, hindi ko rin alam 'yun dati, eh. Lately ko lang nalaman eh, kasi inalam ko. Siyempre, hindi naman lahat may interes na alamin 'yun, but it is information that has to be known by the general public—hindi ng isang grupo lang. Kasi nakasalalay doon ang pagtanggap at pag-respeto sa kapwa mo, at ang pag-unawa sa mga bagay sa paligid mo. ★

Photos from www.vanityfair.com (Caitlyn Jenner magazine cover), www.huffingtonpost.com (Same sex marriage) and Veejay Floresca's Facebook account.





"Kahit ano pang pinagdaanan mo, kahit gaano mo katagal na itinatago ang mga bagay tungkol sa sarili mo, darating ang panahon na gugustuhin mong makawala, at ipakita nalang kung ano 'yung totoo. At walang makapagpapasaya sa'yo kundi ang katotohanan ng puso mo." – *Vice Ganda, on showing one's true colors*